# MANGANGARAL
## (ECCLESIASTES)



"King Solomon in Old Age"
*by Gustave Doré (1866)*

# Mangangaral

**KABANATA 1**

1 Ang mga salita ng Mangangaral, na anak ni David, na hari sa Jerusalem.
2 Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng Mangangaral, walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan; lahat ay walang kabuluhan.
3 Anong pakinabang mayroon ang tao sa lahat ng kaniyang gawa na kaniyang ginagawa sa ilalim ng araw?
4 Ang isang henerasyon ay lumilipas, at ang ibang henerasyon ay dumarating: nguni't ang lupa ay nananatili magpakailan man.
5 Ang araw naman ay sumisikat, at ang araw ay lumulubog, at nagmamadali sa kaniyang dako na kaniyang sinisikatan.
6 Ang hangin ay patungo sa timog, at paikot sa hilagaan; patuloy itong umiikot, at ang hangin ay bumabalik muli ayon sa kanyang mga paglibot.
7 Lahat ng ilog ay umaagos sa dagat; gayon ma'y hindi puno ang dagat; sa lugar na pinanggalingan ng mga ilog, doon sila babalik muli.
8 Ang lahat ng bagay ay puspos ng paggawa; hindi masasabi ng tao: ang mata ay hindi nakokontento sa pagtingin, ni ang tainga man ay napupuno ng pakikinig.
9 Ang bagay na nangyari, ay yaong mangyayari; at ang ginawa ay siyang gagawin: at walang bagong bagay sa ilalim ng araw.
10 Mayroon bang anumang bagay na maaaring sabihin, Tingnan mo, ito ay bago? ito ay nangyari na noong unang panahon, na nauna sa atin.
11 Walang alaala sa mga dating bagay; ni hindi magkakaroon ng anumang alaala ng mga bagay na darating kasama ng mga darating pagkatapos.
12 Ako na Mangangaral ay naging hari sa Israel sa Jerusalem.
13 At ibinigay ko ang aking puso upang hanapin at saliksikin sa pamamagitan ng karunungan ang lahat ng mga bagay na ginagawa sa silong ng langit: ang masakit na hirap na ito ay ibinigay ng Dios sa mga anak ng tao upang pagsanayan.
14 Nakita ko ang lahat ng mga gawa na ginagawa sa ilalim ng araw; at, narito, ang lahat ay walang kabuluhan at pagkabalisa ng espiritu.
15 Ang baluktot ay hindi maitutuwid: at ang kulang ay hindi mabibilang.
16 Ako'y nakipag-usap sa aking sariling puso, na aking sinasabi, Narito, ako'y dumating sa dakilang kalagayan, at nakakuha ako ng higit na karunungan kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: oo, ang aking puso ay nagkaroon ng dakilang karanasan sa karunungan at kaalaman.
17 At ibinigay ko ang aking puso na makaalam ng karunungan, at makaalam ng kabaliwan at ng kamangmangan: aking nahiwatig na ito rin ay kabagabagan ng espiritu.
18 Sapagka't sa maraming karunungan ay maraming kapighatian: at siyang nagdaragdag ng kaalaman ay nagdaragdag ng kalungkutan.

**KABANATA 2**

1 Sinabi ko sa aking puso, Humayo ka ngayon, susubukin kita ng kasayahan, kaya't magsaya ka: at, narito, ito rin ay walang kabuluhan.
2 Aking sinabi tungkol sa pagtawa, Ito ay baliw: at sa kasayahan, Ano ang ginagawa nito?
3 Aking hinangad sa aking puso na ibigay ang aking sarili sa alak, gayon ma'y sinasanay ko ang aking puso ng karunungan; at humawak sa kamangmangan, hanggang sa aking makita kung ano ang mabuti sa mga anak ng tao, na kanilang dapat gawin sa silong ng langit sa lahat ng mga araw ng kanilang buhay.
4 Ginawa ko ako ng mga dakilang gawa; Nagtayo ako ng mga bahay; Nagtanim ako ng mga ubasan:
5 Gumawa ako para sa akin ng mga hardin at mga halamanan, at nagtanim ako ng mga puno sa mga iyon ng lahat ng uri ng prutas:
6 Ginawa ko para sa akin ang mga tubigan, upang diligan ang kahoy na nagbubunga ng mga punongkahoy:
7 Kumuha ako ng mga tagapaglingkod at mga dalaga, at nagkaroon ako ng mga lingkod na ipinanganak sa aking bahay; ako rin ay nagkaroon ng malaking pag-aari ng malalaki at maliliit na baka kaysa sa lahat na nasa Jerusalem na nauna sa akin:
8 Ako'y nag-impok din sa akin ng pilak at ginto, at ng kakaibang kayamanan ng mga hari at ng mga lalawigan: ako'y nakakuha sa akin ng mga lalakeng mang-aawit at mga babaing mang-aawit, at ang mga kaluguran ng mga anak ng mga tao, na gaya ng mga instrumentong pangmusika, at ng lahat ng uri niyaon.
9 Sa gayo'y naging dakila ako, at lumago ng higit kay sa lahat na nauna sa akin sa Jerusalem: gayon din ang aking karunungan ay nanatili sa akin.
10 At anuman ang ninanais ng aking mga mata ay hindi ko itinago sa kanila, hindi ko ipinagkait ang aking puso sa anumang kagalakan; sapagka't ang aking puso ay nagalak sa lahat ng aking pagpapagal: at ito ang aking bahagi sa lahat ng aking pagpapagal.
11 Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat ng mga gawa na ginawa ng aking mga kamay, at ang gawain na aking pinaghirapang gawin: at, narito, lahat ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu, at walang pakinabang sa ilalim ng araw.
12 At ako'y bumaling upang tingnan ang karunungan, at kabaliwan, at kamangmangan: sapagka't ano ang magagawa ng tao na susunod sa hari? maging ang nagawa na.
13 Nang magkagayo'y nakita ko na ang karunungan ay humihigit sa kamangmangan, kung paanong ang liwanag ay humihigit sa kadiliman.
14 Ang mga mata ng pantas ay nasa kaniyang ulo; ngunit ang mangmang ay lumalakad sa kadiliman: at napagtanto ko rin na isang pangyayari ang nangyari sa kanilang lahat.
15 Nang magkagayo'y sinabi ko sa aking puso, Kung paanong nangyayari sa mangmang, gayon nangyayari sa akin; bakit ako ngayon mas pantas? Nang magkagayo'y sinabi ko sa aking puso, na ito rin ay walang kabuluhan.
16 Sapagka't walang alaala sa pantas na higit kaysa sa mangmang magpakailan man; yamang ngayon ay nasa mga araw na darating ay malilimutan ang lahat. At paano namamatay ang pantas? katulad ng mangmang.

17 Kaya't kinapootan ko ang buhay; sapagka't ang gawain na ginagawa sa ilalim ng araw ay masakit sa akin: sapagka't ang lahat ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu.
18 Oo, aking kinapootan ang lahat kong gawa na aking ginawa sa ilalim ng araw: sapagka't aking iiwan ito sa tao na susunod sa akin.
19 At sino ang nakakaalam kung siya ay magiging isang matalinong tao o isang mangmang? gayon ma'y magpupuno siya sa lahat ng aking gawa na aking pinaghirapan, at kung saan ako'y naging pantas sa ilalim ng araw. Ito rin ay walang kabuluhan.
20 Kaya't ako'y yumaon upang mawalan ng pag-asa ang aking puso sa lahat ng pagpapagal na aking ginawa sa ilalim ng araw.
21 Sapagka't may isang tao na ang paggawa ay nasa karunungan, at sa kaalaman, at sa katuwiran; gayon ma'y sa isang tao na hindi nagpagal doon ay iiwan niya ang kaniyang bahagi. Ito rin ay walang kabuluhan at isang malaking kasamaan.
22 Sapagka't ano ang mayroon ang tao sa lahat ng kaniyang gawa, at sa kabagabagan ng kaniyang puso, na kaniyang ginawa sa ilalim ng araw?
23 Sapagka't lahat ng kaniyang mga araw ay mga kapanglawan, at ang kaniyang pagdaramdam ay kadalamhatian; oo, ang kanyang puso ay hindi nagpapahinga sa gabi. Ito rin ay walang kabuluhan.
24 Walang maigi sa tao, kaysa kumain at uminom, at pasayahin ang kaniyang kaluluwa sa kaniyang paggawa. Ito rin ay nakita ko, na ito ay mula sa kamay ng Dios.
25 Sapagka't sino ang makakain, o sino pa ang makapagmadali rito, higit kay sa akin?
26 Sapagka't ang Dios ay nagbibigay sa tao na mabuti sa kaniyang paningin ng karunungan, at kaalaman, at kagalakan: nguni't ang makasalanan ay binibigyan niya ng hirap, upang magtipon at magbunton, upang maibigay niya sa kaniya na mabuti sa harap ng Dios. Ito rin ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu.

**KABANATA 3**

1 Sa bawa't bagay ay may kapanahunan, at panahon sa bawa't layunin sa silong ng langit:
2 Panahon ng kapanganakan, at panahon ng kamatayan; panahon ng pagtatanim, at panahon ng pagbunot ng itinanim;
3 Panahon ng pagpatay, at panahon ng pagpapagaling; panahon ng pagbagsak, at panahon ng pagtatayo;
4 Panahon ng pag-iyak, at panahon ng pagtawa; panahon ng pagdadalamhati, at panahon ng sayaw;
5 Panahon ng paghahagis ng mga bato, at panahon ng pagtipon ng mga bato; panahon ng pagyakap, at panahon ng pagpigil sa pagyakap;
6 Panahon ng pagkuha, at panahon ng pagkawala; panahon ng pag-iingat, at panahon ng pagtapon;
7 Panahon ng pagpunit, at panahon ng pananahi; panahon ng pagtahimik, at panahon ng pagsasalita;
8 Panahon ng pagibig, at panahon ng pagkapoot; panahon ng digmaan, at panahon ng kapayapaan.
9 Ano ang pakinabang niya na gumagawa sa kaniyang pinaghirapan?
10 Nakita ko ang paghihirap, na ibinigay ng Dios sa mga anak ng tao upang pagsikapan.
11 Ginawa niyang maganda ang bawa't bagay sa kaniyang kapanahunan: inilagay din niya ang sanglibutan sa kanilang puso, na anopa't hindi masusumpungan ng sinoman ang gawa na ginawa ng Dios mula sa simula hanggang sa wakas.
12 Nalalaman ko na walang mabuti sa kanila, kundi ang magalak ang tao, at gumawa ng mabuti sa kaniyang buhay.
13 At gayon din na ang bawa't tao ay dapat kumain at uminom, at magsaya sa kabutihan ng lahat ng kaniyang pagpapagal, ito ay kaloob ng Diyos.
14 Nalalaman ko na, anomang gawin ng Dios, ito ay magiging magpakailan man: walang mailalagay doon, o anomang bagay na makukuha doon: at ginagawa ito ng Dios, upang ang mga tao ay matakot sa harap niya.
15 Ang nangyari noon ay ngayon; at ang mangyayari ay nangyari na; at hinihiling ng Diyos ang nakaraan.
16 At bukod dito'y nakita ko sa ilalim ng araw ang dako ng kahatulan, na naroon ang kasamaan; at ang lugar ng katuwiran, ang kasamaan ay nandoon.
17 Aking sinabi sa aking puso, Hahatulan ng Dios ang matuwid at ang masama: sapagka't may panahon doon sa bawa't layunin at sa bawa't gawa.
18 Sinabi ko sa aking puso tungkol sa kalagayan ng mga anak ng tao, upang sila ay ipakilala ng Diyos, at upang kanilang makita na sila mismo ay mga hayop.
19 Sapagka't yaong nangyayari sa mga anak ng tao ay nangyayari sa mga hayop; isang bagay ang nangyari sa kanila: kung paanong ang isa ay namamatay, gayon din ang isa; oo, silang lahat ay may isang hininga; na anopa't ang tao ay walang kadakilaan kaysa hayop: sapagka't ang lahat ay walang kabuluhan.
20 Lahat ay pumupunta sa isang dako; lahat ay mula sa alabok, at lahat ay nauuwi sa alabok muli.
21 Sinong nakakaalam ng espiritu ng tao na umaakyat sa itaas, at ng espiritu ng hayop na bumababa sa lupa?
22 Kaya't naintindihan ko na walang mas mabuti, kaysa ang isang tao ay dapat magsaya sa kanyang sariling mga gawa; sapagka't iyan ang kaniyang bahagi: sapagka't sino ang magdadala sa kaniya upang makita kung ano ang mangyayari pagkatapos niya?

**KABANATA 4**

1 Sa gayo'y nagbalik ako, at aking napagmasdan ang lahat na pang-aapi na ginagawa sa ilalim ng araw: at, narito, ang mga luha ng yaong na-aapi, at sila'y walang mang-aaliw; at sa panig ng mga nang-aapi sa kanila ay may kapangyarihan; ngunit wala silang mang-aaliw.
2 Kaya't pinuri ko ang mga patay na patay na kaysa sa mga buhay na nabubuhay pa.
3 Oo, siya'y lalong mabuti kay sa kanilang dalawa, na hindi pa nabubuhay, na hindi pa nakakita ng masamang gawa na ginagawa sa ilalim ng araw.
4 Muli, aking inisip ang lahat ng hirap, at ang bawa't matuwid na gawa, na dahil dito'y naiinggit ang tao sa kaniyang kapuwa. Ito rin ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu.
5 Ang mangmang ay nagtutupi ng kaniyang mga kamay, at kinakain ang kaniyang sariling laman.

6 Maigi ang isang dakot na may katahimikan, kay sa dalawang kamay na puno ng pagdaramdam at pagkabalisa ng espiritu.
7 Nang magkagayo'y bumalik ako, at nakita ko ang walang kabuluhan sa ilalim ng araw.
8 May isa na nag-iisa, at walang pangalawa; oo, wala siyang anak o kapatid man: gayon ma'y walang katapusan ang lahat niyang gawa; ni ang kanyang mata ay nakokontento sa kayamanan; ni sinasabi niya, Para kanino ako nagpapagal, at inaalisan ang aking kaluluwa ng mabuti? Ito rin ay walang kabuluhan, oo, ito ay isang masakit na pagdaramdam.
9 Ang dalawa ay mas mabuti kaysa isa; dahil mayroon silang magandang gantimpala para sa kanilang paggawa.
10 Sapagka't kung sila'y mabuwal, ang isa ay magtatayo ng kaniyang kasama: datapuwa't sa aba niya na nag-iisa kapag siya ay nabuwal; sapagka't wala siyang ibang tutulong sa kaniya sa pagbangon.
11 Muli, kung ang dalawa ay nakahigang magkasama, sila nga ay may init: nguni't paanong ang isa ay magiging mainit na mag-isa?
12 At kung ang isa ay manaig laban sa kaniya, dalawa ang makakalaban sa kaniya; at ang pising tatlong beses ay hindi madaling maputol.
13 Mabuti pa ang mahirap at matalinong bata kaysa sa matanda at mangmang na hari, na hindi na mapapaalalahanan.
14 Sapagka't mula sa bilangguan ay nanggagaling siya upang maghari; samantalang ang ipinanganak sa kaniyang kaharian ay nagiging dukha.
15 Aking napagmasdan ang lahat na may buhay na lumalakad sa ilalim ng araw, kasama ng ikalawang anak na tatayo sa kaniyang kahalili.
16 Walang katapusan ang buong bayan, sa makatuwid baga'y ang lahat na nauna sa kanila: ang mga susunod naman ay hindi magagalak sa kaniya. Tunay na ito rin ay walang kabuluhan at kabagabagan ng espiritu.

**KABANATA 5**

1 Ingatan mo ang iyong paa pagka ikaw ay pumaroon sa bahay ng Dios, at maging higit na handa sa pakikinig, kay sa magbigay ng hain ng mga mangmang: sapagka't hindi nila kinokonsidera na sila'y gumagawa ng masama.
2 Huwag kang padalus-dalos sa iyong bibig, at huwag magmadali ang iyong puso na magsalita ng anomang bagay sa harap ng Dios: sapagka't ang Dios ay nasa langit, at ikaw ay nasa lupa: kaya't pakuntiin ang iyong mga salita.
3 Sapagkat ang isang panaginip ay dumarating sa pamamagitan ng maraming negosyo; at ang tinig ng mangmang ay nakikilala sa maraming salita.
4 Pagka ikaw ay nagpanata ng isang panata sa Dios, huwag mong ipagpaliban ang pagtupad; sapagka't hindi siya nalulugod sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinangako.
5 Mabuti pa na hindi ka manata, kay sa manata ka at hindi tumupad.
6 Huwag mong pabayaan ang iyong bibig na gawing makasalanan ang iyong laman; ni sabihin mo sa harap ng anghel, na ito'y isang kamalian: bakit magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sirain ang gawa ng iyong mga kamay?
7 Sapagka't sa karamihan ng mga panaginip at ng maraming salita ay mayroon ding mga sarisaring walang kabuluhan: nguni't matakot ka sa Dios.
8 Kung iyong nakikita ang kapighatian ng dukha, at ang marahas na pagbaluktot ng kahatulan at katarungan sa isang lalawigan, huwag mong ipagtaka ang bagay na ito: sapagka't siyang mataas kay sa kataastaasan ay tumitingin; at mayroong mas mataas kaysa sa kanila.
9 Bukod dito'y ang pakinabang ng lupa ay para sa lahat: ang hari rin ay pinaglilingkuran ng parang.
10 Siyang umiibig sa pilak ay hindi makokontento sa pilak; ni ang umiibig ng kasaganaan na may pakinabang: ito rin ay walang kabuluhan.
11 Pagka ang mga pag-aari ay dumami, ang nagsisikain sa kanila ay dumarami: at anong pakinabang ang mayroon sa mga may-ari niyaon, maliban sa pagmasdan ng kanilang mga mata?
12 Ang tulog ng manggagawa ay matamis, maging siya man ay kumain ng kaunti o marami: nguni't ang kasaganaan ng mayaman ay hindi magpapatulog sa kaniya.
13 May isang matinding kasamaan na aking nakita sa ilalim ng araw, samakatuwid nga, ang mga kayamanan na iningatan para sa mga may-ari niyaon sa kanilang ikasasama.
14 Nguni't ang mga yamang yaon ay nawawala sa pamamagitan ng masamang gawain: at siya'y nagka-anak ng isang lalake, at walang anuman sa kaniyang kamay.
15 Kung paanong siya'y lumabas sa bahay-bata ng kaniyang ina, hubad siyang babalik upang yumaon na gaya ng kaniyang pagdating, at hindi kukuha ng anoman sa kaniyang pagpapagal, na kaniyang madadala sa kaniyang kamay.
16 At ito rin ay isang matinding kasamaan, na sa lahat ng bagay kung paano siya dumating, ay gayon siya yayaon: at anong pakinabang niya na nagpagal para sa hangin?
17 Sa lahat ng kaniyang mga araw ay kumakain din siya sa kadiliman, at siya'y may maraming kadalamhatian at poot na kasama ng kaniyang karamdaman.
18 Masdan mo ang aking nakita: mabuti at kaaya-aya sa isa na kumain at uminom, at tamasahin ang kabutihan ng lahat niyang gawa na kaniyang ginagawa sa ilalim ng araw sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay, na ibinibigay sa kaniya ng Dios; sapagka’t ito ang kanyang bahagi.
19 Bawat tao naman na binigyan ng Dios ng kayamanan at kasaganaan, at binigyan siya ng kapangyarihang kumain niyaon, at kumuha ng kaniyang bahagi, at magalak sa kaniyang paggawa; ito ang kaloob ng Diyos.
20 Sapagka't hindi niya gaanong aalalahanin ang mga araw ng kanyang buhay; sapagka't sinasagot siya ng Dios sa kagalakan ng kaniyang puso.

**KABANATA 6**

1 May isang kasamaan na aking nakita sa ilalim ng araw, at karaniwan sa mga tao:
2 Isang tao na pinagkalooban ng Dios ng kayamanan, kasaganaan, at karangalan, na anopa't siya'y hindi nagkukulang ng anuman sa kaniyang kaluluwa sa lahat ng kaniyang ninanasa, gayon ma'y hindi siya binigyan ng Dios ng kapangyarihang kumain niyaon, kundi kinakain ng isang estranghero: ito ay walang kabuluhan, at ito ay isang masamang sakit.

3 Kung ang isang tao ay magkaanak ng isang daang anak, at mabuhay ng maraming taon, na anopa't ang mga araw ng kaniyang mga taon ay dumami, at ang kaniyang kaluluwa ay hindi mapuspos ng mabuti, at gayon din na siya'y walang libing; Sinasabi ko, na ang isang hindi napapanahong kapanganakan ay mas mabuti kaysa sa kanya.
4 Sapagka't siya'y pumapasok na may walang kabuluhan, at umaalis sa kadiliman, at ang kaniyang pangalan ay natatabunan ng kadiliman.
5 Bukod dito'y hindi niya nakita ang araw, ni nakaalam man ng anomang bagay: ito ay may higit na kapahingahan kaysa sa iba.
6 Oo, bagaman siya'y nabuhay ng isang libong taon na makalawa, gayon ma'y hindi siya nakakita ng mabuti: hindi ba lahat ay napupunta sa isang dako?
7 Lahat ng gawa ng tao ay para sa kaniyang bibig, at gayon ma'y hindi nabubusog ang gana.
8 Sapagka't ano ang mayroon ang pantas kaysa sa mangmang? ano ang mayroon ang dukha, na marunong lumakad sa harap ng buhay?
9 Maigi ang paningin ng mga mata kay sa pagliligaw ng pagnanais: ito rin ay walang kabuluhan at pagkabalisa ng espiritu.
10 Ang nangyari ay pinangalanan na, at nakikilala na siya'y tao: ni maaaring makipagtalo siya sa lalong makapangyarihan kay sa kaniya.
11 Yamang may maraming bagay na nagpaparami ng walang kabuluhan, ano ang higit na mabuti sa tao?
12 Sapagka't sinong nakakaalam kung ano ang mabuti sa tao sa buhay na ito, sa lahat ng mga araw ng kaniyang walang kabuluhang buhay na kaniyang ginugugol na parang anino? sapagka't sino ang makapagsasabi sa isang tao kung ano ang mangyayari pagkatapos niya sa ilalim ng araw?

**KABANATA 7**

1 Ang mabuting pangalan ay maigi kay sa mahalagang unguento; at ang araw ng kamatayan kaysa sa araw ng kapanganakan ng isa.
2 Maigi ang pumaroon sa bahay ng pagluluksa, kay sa pumunta sa bahay ng piging: sapagka't iyon ang wakas ng lahat ng tao; at ilalagay ito ng buhay sa kanyang puso.
3 Ang kalungkutan ay maigi kay sa pagtawa: sapagka't sa kalungkutan ng mukha ay napapabuti ang puso.
4 Ang puso ng pantas ay nasa bahay ng pagdadalamhati; ngunit ang puso ng mga mangmang ay nasa bahay ng kasayahan.
5 Maigi ang makinig sa saway ng pantas, kaysa makinig ang tao sa awit ng mga mangmang.
6 Sapagka't kung paano ang kaluskos ng mga tinik sa ilalim ng palayok, gayon ang pagtawa ng mangmang: ito rin ay walang kabuluhan.
7 Tunay na ang kapighatian ay nagpapagalit sa pantas; at ang isang kaloob ay sumisira sa puso.
8 Mabuti ang wakas ng isang bagay kay sa pasimula niyaon: at ang matiyaga sa espiritu ay maigi kay sa mayabang sa espiritu.
9 Huwag kang magmamadali sa iyong espiritu na magalit: sapagka't ang galit ay nananahan sa sinapupunan ng mga mangmang.
10 Huwag mong sabihin, Ano ang dahilan na ang mga unang araw ay higit na mabuti kay sa mga ito? sapagkat hindi ka nagtatanong nang may katalinuhan tungkol dito.
11 Ang karunungan ay mabuti na may mana: at sa pamamagitan nito ay may pakinabang sa kanila na nakakakita ng araw.
12 Sapagka't ang karunungan ay isang depensa, at ang pera ay isang depensa: nguni't ang kahusayan ng kaalaman ay, na ang karunungan ay nagbibigay-buhay sa mga nagtataglay nito.
13 Isipin ninyo ang gawa ng Dios: sapagka't sino ang makapagtutuwid niyaong ginawa niyang baluktot?
14 Sa kaarawan ng kasaganaan ay magalak ka, nguni't sa kaarawan ng kasakunaan ay isaalang-alang mo: inilagay din ng Dios ang isa laban sa isa, upang ang tao ay hindi makasumpong ng anoman pagkatapos niya.
15 Lahat ng mga bagay ay nakita ko sa mga araw ng aking walang kabuluhan: may matuwid na tao na namamatay sa kaniyang katuwiran, at may masamang tao na nagpapahaba ng kaniyang buhay sa kaniyang kasamaan.
16 Huwag kang maging matuwid ng labis; huwag kang magpakapantas masyado sa iyong sarili: bakit mo sisirain ang iyong sarili?
17 Huwag kang labis na masama, ni maging hangal man: bakit ka mamamatay bago ang iyong panahon?
18 Mabuti na iyong panghawakan ito; oo, gayon din, huwag mong bawiin ang iyong kamay dito: sapagka't siya na natatakot sa Dios ay lalabas sa kanilang lahat.
19 Pinalalakas ng karunungan ang pantas kaysa sampung makapangyarihang lalake na nasa bayan.
20 Sapagka't walang matuwid na tao sa lupa, na gumagawa ng mabuti, at hindi nagkakasala.
21 Huwag ding makinig sa lahat ng salita na sinasabi; baka marinig mong sumpain ka ng iyong lingkod:
22 Sapagka't madalas ding nalalaman ng iyong sariling puso na ikaw sa iyong sarili ay sinumpa ang iba.
23 Lahat ng ito ay aking sinubok sa pamamagitan ng karunungan: aking sinabi, Ako ay magiging pantas; ngunit ito ay malayo sa akin.
24 Yaong malayo, at totoong malalim, sinong makakasumpong?
25 Inilapat ko ang aking puso upang malaman, at saliksikin, at hanapin ang karunungan, at ang rason ng mga bagay, at malaman ang kasamaan ng kamangmangan, sa makatuwid baga'y ng kamangmangan at kabaliwan:
26 At aking nasumpungan na higit na mapait kay sa kamatayan ang babae, na ang puso ay mga patibong at mga lambat, at ang kaniyang mga kamay ay mga panali: sinomang nakalulugod sa Dios ay tatakas sa kaniya; ngunit ang makasalanan ay kukunin niya.
27 Masdan, ito ay aking nasumpungan, sabi ng mangangaral, binibilang ang isa-isa, upang alamin ang ulat:
28 Na hinahanap pa ng aking kaluluwa, nguni't hindi ko nasumpungan: isang lalaki sa gitna ng isang libo ang aking nasumpungan; ngunit isang babae sa lahat ng mga iyon ay hindi ko nasumpungan.
29 Narito, ito lamang ang aking nasumpungan, na ginawa ng Dios na matuwid ang tao; ngunit naghanap sila ng maraming imbensyon.

**KABANATA 8**

1 Sino ang gaya ng pantas? at sinong nakakaalam ng kahulugan ng isang bagay? ang karunungan ng tao ay nagpapaningning ng kaniyang mukha, at ang katapangan ng kaniyang mukha ay mababago.
2 Ipinapayo ko sa iyo na ingatan mo ang utos ng hari, at tungkol sa panata sa Dios.
3 Huwag kang magmadaling umalis sa kaniyang paningin: huwag kang tumayo sa masamang bagay; sapagkat ginagawa niya ang anumang nakalulugod sa kanya.
4 Kung saan nandoon ang salita ng hari, may kapangyarihan: at sinong makapagsasabi sa kaniya, Ano ang iyong ginagawa?
5 Ang nagiingat ng utos ay hindi makakadama ng masamang bagay: at ang puso ng pantas ay nakakaunawa ng panahon at ng kahatulan.
6 Sapagka't sa bawa't layunin ay may panahon at kahatulan, kaya't ang paghihirap ng tao ay dakila sa kaniya.
7 Sapagka't hindi niya nalalaman ang mangyayari: sapagka't sino ang makapagsasabi sa kaniya kung kailan mangyayari?
8 Walang tao na may kapangyarihan sa espiritu upang mapanatili ang espiritu; ni mayroon siyang kapangyarihan sa araw ng kamatayan: at walang paglabas sa digmaang iyon; ni ililigtas man ng kasamaan ang mga ibinigay dito.
9 Lahat ng ito ay aking nakita, at inilapat ng aking puso ang bawa't gawa na ginagawa sa ilalim ng araw: may panahon na ang isang tao ay nagpupuno sa iba sa kaniyang sariling kapahamakan.
10 At sa gayo'y nakita kong inilibing ang masama, na nagsiparoon at nagsialis sa dakong banal, at sila'y nalimutan sa bayan na kanilang ginawang gayon: ito rin ay walang kabuluhan.
11 Sapagka't ang hatol laban sa masamang gawa ay hindi isinasagawa kaagad, kaya't ang puso ng mga anak ng mga tao ay lubos na nakatalaga sa kanila na gumawa ng kasamaan.
12 Bagaman ang makasalanan ay gumawa ng masama ng isang daang ulit, at ang kaniyang mga araw ay humahaba, gayon ma'y tunay na nalalaman ko na ikabubuti nila na natatakot sa Dios, na natatakot sa harap niya:
13 Nguni't hindi ikabubuti ng masama, ni pahahabain man niya ang kaniyang mga araw, na parang anino; sapagkat hindi siya natatakot sa harap ng Diyos.
14 May walang kabuluhan na ginagawa sa lupa; na may mga makatarungang tao, na nangyayari sa kanila ayon sa gawa ng masama; muli, may masasamang tao, na nangyayari sa kanila ayon sa gawa ng matuwid: aking sinabi na ito rin ay walang kabuluhan.
15 Nang magkagayo'y pinuri ko ang kasayahan, sapagka't ang tao ay walang mainam na bagay sa ilalim ng araw, kundi ang kumain, at uminom, at magsaya: sapagka't iyan ay mananatili sa kaniya sa kaniyang paggawa sa mga araw ng kaniyang buhay, na ibinibigay sa kaniya ng Dios sa ilalim ng araw.
16 Nang aking inilapat ang aking puso na makaalam ng karunungan, at upang makita ang gawain na ginagawa sa ibabaw ng lupa: (sapagka't mayroon ding araw o gabi ay hindi nakakakita ng pagtulog ng kaniyang mga mata:)
17 Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat ng gawa ng Dios, na hindi masusumpungan ng tao ang gawa na ginagawa sa ilalim ng araw: sapagka't bagaman ang isang tao ay nagpapagal upang hanapin ito, gayon ma'y hindi niya ito masusumpungan; oo higit pa; bagaman iniisip ng pantas na malaman ito, gayon ma'y hindi niya ito mahahanap.

**KABANATA 9**

1 Sa lahat ng ito ay aking pinag-isipan sa aking puso upang ipahayag ang lahat ng ito, na ang matuwid, at ang pantas, at ang kanilang mga gawa, ay nasa kamay ng Dios: walang nakakaalam ng pagibig o pagkapoot sa lahat ng nauna sa kanila.
2 Lahat ng mga bagay ay dumarating na magkakatulad sa lahat: may isang pangyayari sa matuwid, at sa masama; sa mabuti at sa malinis, at sa marumi; sa kaniya na naghahain, at sa kaniya na hindi naghahain: kung ano ang mabuti, gayon din ang makasalanan; at ang sumusumpa ay gaya ng natatakot sa sumpa.
3 Ito ay isang kasamaan sa lahat ng mga bagay na ginagawa sa ilalim ng araw, na may isang pangyayari sa lahat: oo, gayon din ang puso ng mga anak ng mga tao ay puno ng kasamaan, at ang kabaliwan ay nasa kanilang puso habang sila'y nabubuhay, at pagkatapos sila ay pupunta sa mga patay.
4 Sapagka't sa kaniya na nakikisama sa lahat ng nabubuhay ay may pagasa: sapagka't ang asong buhay ay maigi kay sa patay na leon.
5 Sapagka't nalalaman ng mga buhay na sila'y mamamatay: nguni't ang mga patay ay walang nalalamang anoman, ni mayroon pa man silang gantimpala; sapagka't ang alaala sa kanila ay nakalimutan na.
6 At ang kanilang pag-ibig, at ang kanilang poot, at ang kanilang inggit, ay nawala na; ni wala na silang bahagi magpakailan man sa anumang bagay na ginagawa sa ilalim ng araw.
7 Yumaon ka sa iyong lakad, kumain ka ng iyong tinapay na may kagalakan, at uminom ka ng iyong alak na may masayang puso; sapagka't tinatanggap na ngayon ng Dios ang iyong mga gawa.
8 Ang iyong mga kasuotan ay laging maputi; at huwag magkulang sa iyong ulo ng pamahid.
9 Mamuhay kang may kagalakan na kasama ng asawa na iyong iniibig sa lahat ng mga araw ng buhay ng iyong walang kabuluhan, na kaniyang ibinigay sa iyo sa ilalim ng araw, sa lahat ng mga araw ng iyong walang kabuluhan: sapagka't iyan ang iyong bahagi sa buhay na ito, at sa iyong pagpapagal na iyong ginawa sa ilalim ng araw.
10 Anumang masumpungang gawin ng iyong kamay, gawin mo ito ng iyong lakas; sapagka't walang gawa, ni katha man, ni kaalaman, ni karunungan man, sa libingan, na iyong paroroonan.
11 Ako'y nagbalik, at nakita ko sa ilalim ng araw, na ang karera ay hindi sa matulin, o ang digmaan ay hindi sa malakas, ni tinapay man sa pantas, o kayamanan man sa mga taong may unawa, ni lingap man sa mga taong dalubhasa; ngunit ang panahon at pagkakataon ay nangyayari sa kanilang lahat.
12 Sapagka't hindi rin nalalaman ng tao ang kaniyang panahon: gaya ng mga isda na nahuhuli ng masamang lambat, at gaya ng mga ibon na nahuhuli sa patibong;

gayon ang mga anak ng mga tao ay nabitag sa masamang panahon, pagka biglang nahuhulog ito sa kanila.
13 Ang karunungan na ito ay nakita ko rin sa ilalim ng araw, at ito ay tila dakila sa akin:
14 May isang maliit na bayan, at kakaunti ang mga tao sa loob niyaon; at dumating ang isang dakilang hari laban doon, at kinubkob ito, at nagtayo ng malalaking kuta laban doon:
15 Ngayon ay nasumpungan doon ang isang dukha at matalinong tao, at sa pamamagitan ng kanyang karunungan ay iniligtas niya ang lungsod; gayon ma'y walang nakaalala sa dukhang iyon.
16 Nang magkagayo'y sinabi ko, Ang karunungan ay maigi kay sa kalakasan: gayon ma'y ang karunungan ng dukha ay hinahamak, at ang kaniyang mga salita ay hindi dininig.
17 Ang mga salita ng pantas ay naririnig nang tahimik kaysa sa hiyaw niya na nagpupuno sa mga mangmang.
18 Ang karunungan ay maigi kay sa mga sandata ng digmaan: nguni't ang isang makasalanan ay sumisira ng maraming kabutihan.

**KABANATA 10**

1 Ang mga patay na langaw ay nagpapalabas ng mabahong amoy ng unguento ng pabango: gayon din ang kaunting kamangmangan niyaong may reputasyon sa karunungan at karangalan.
2 Ang puso ng pantas ay nasa kaniyang kanang kamay; ngunit ang puso ng mangmang ay nasa kaliwa niya.
3 Oo rin, kapag ang isang mangmang ay lumalakad sa daan, ang kanyang karunungan ay nagkukulang sa kanya, at sinasabi niya sa bawat isa na siya ay isang mangmang.
4 Kung ang espiritu ng pinuno ay bumangon laban sa iyo, huwag mong iwan ang iyong dako; sapagka't ang pagsuko ay nagpapatahan ng malalaking pagkakasala.
5 May isang kasamaan na aking nakita sa ilalim ng araw, bilang kamalian na nagmumula sa pinuno:
6 Ang kamangmangan ay inilalagay sa dakilang karangalan, at ang mayaman ay nauupo sa mababang lugar.
7 Nakita ko ang mga alipin na nakasakay sa mga kabayo, at ang mga prinsipe ay lumalakad na parang mga alipin sa lupa.
8 Siyang humuhukay ng hukay ay mahuhulog doon; at sinumang makasira ng bakod, kakagatin siya ng ahas.
9 Sinomang nag-aalis ng mga bato ay masasaktan niyaon; at siya na pumuputol ng kahoy ay malalagay sa panganib dahil doon.
10 Kung ang bakal ay mapurol, at hindi niya hinasa ang gilid, kung magkagayo'y dapat niyang lagyan ng higit na lakas: nguni't ang karunungan ay mapapakinabangan sa pagtuturo.
11 Tunay na ang ahas ay kakagat nang walang enkanto; at ang madaldal ay hindi mas mabuti.
12 Ang mga salita ng bibig ng pantas ay mapagbiyaya; ngunit ang mga labi ng mangmang ay lalamunin ang kaniyang sarili.
13 Ang pasimula ng mga salita ng kaniyang bibig ay kamangmangan: at ang wakas ng kaniyang pananalita ay masamang kabaliwan.
14 Ang mangmang din ay puno ng mga salita: hindi masasabi ng tao kung ano ang mangyayari; at kung ano ang mangyayari pagkatapos niya, sino ang makapagsasabi sa kanya?
15 Ang gawain ng mangmang ay nakakapagod sa bawa't isa sa kanila, sapagka't hindi niya alam kung paano paroroon sa bayan.
16 Sa aba mo, Oh lupain, pagka ang iyong hari ay bata, at ang iyong mga prinsipe ay kumakain sa umaga!
17 Mapalad ka, Oh lupain, kapag ang iyong hari ay anak ng mga marangal na tao, at ang iyong mga prinsipe ay kumakain sa takdang panahon, para sa kalakasan, at hindi para sa paglalasing!
18 Sa labis na katamaran ang gusali ay nabubulok; at sa katamaran ng mga kamay ay nahuhulog ang bahay.
19 Ang isang piging ay ginagawa para sa pagtawa, at ang alak ay nagpapasaya: nguni't ang salapi ay sumasagot sa lahat ng mga bagay.
20 Huwag mong sumpain ang hari, hindi sa iyong pag-iisip; at huwag mong sumpain ang mayaman sa iyong silid na higaan: sapagka't dadalhin ng isang ibon ng himpapawid ang tinig, at yaong may mga pakpak ay magsasabi ng bagay.

**KABANATA 11**

1 Ihagis mo ang iyong tinapay sa tubig: sapagka't iyong masusumpungan ito pagkaraan ng maraming araw.
2 Bigyan ng bahagi ang pito, at gayon din ang walo; sapagka't hindi mo nalalaman kung anong kasamaan ang mangyayari sa lupa.
3 Kung ang mga ulap ay mapupuno ng ulan, kanilang ibinubuhos ang kanilang sarili sa ibabaw ng lupa: at kung ang punong kahoy ay mabuwal sa dakong timugan, o sa dakong hilagaan, sa dakong nahuhulog ang puno, doon ito naroroon.
4 Ang nagmamasid sa hangin ay hindi maghahasik; at siyang tumitingin sa mga ulap ay hindi mag-aani.
5 Kung paanong hindi mo nalalaman kung ano ang daan ng espiritu, o kung paano tumutubo ang mga buto sa bahay-bata ng nagdadalang-tao: gayon din hindi mo nalalaman ang mga gawa ng Dios na gumagawa ng lahat.
6 Sa umaga ay ihasik mo ang iyong binhi, at sa gabi ay huwag mong pigilan ang iyong kamay: sapagka't hindi mo nalalaman kung ano ang uunlad, maging ito o iyon, o kung silang dalawa ay magiging parehas mabuti.
7 Tunay na ang liwanag ay matamis, at isang kaaya-ayang bagay sa mga mata na mamasdan ang araw:
8 Nguni't kung ang isang tao ay mabuhay ng maraming taon, at magalak sa kanilang lahat; gayon ma'y alalahanin niya ang mga araw ng kadiliman; sapagka't sila'y magiging marami. Ang lahat ng dumarating ay walang kabuluhan.
9 Magalak, O binata, sa iyong kabataan; at pasayahin ka ng iyong puso sa mga araw ng iyong kabataan, at lumakad ka sa mga daan ng iyong puso, at sa paningin ng iyong mga mata: nguni't talastasin mo, na sa lahat ng mga bagay na ito ay dadalhin ka ng Dios sa kahatulan.
10 Kaya't alisin mo ang kalungkutan sa iyong puso, at alisin mo ang kasamaan sa iyong laman: sapagka't ang pagkabata at kabataan ay walang kabuluhan.

## KABANATA 12

1 Alalahanin mo ngayon ang Maylalang sa iyo sa mga kaarawan ng iyong kabataan, samantalang ang mga masamang araw ay hindi dumarating, ni ang mga taon ay lumalapit, na iyong sasabihin, Wala akong kaluguran sa kanila;
2 Habang ang araw, o ang liwanag, o ang buwan, o ang mga bituin, ay hindi nagdidilim, ni ang mga ulap ay babalik pagkatapos ng ulan:
3 Sa araw na ang mga bantay ng bahay ay manginginig, at ang mga malalakas na tao ay yuyukod, at ang mga gilingan ay humihinto sapagka't sila'y kakaunti, at yaong mga dumudungaw sa mga dungawan ay magdidilim,
4 At ang mga pinto ay isasara sa mga lansangan, pagka ang tunog ng paggiling ay mahina, at siya'y babangon sa tinig ng ibon, at lahat ng mga anak na babae ng musika ay mabababa;
5 At pagka sila'y matatakot doon sa mataas, at ang mga takot ay nasa daan, at ang puno ng almendras ay mamumukadkad, at ang tipaklong ay magiging pasan, at ang pagnanais ay mabibigo: sapagka't ang tao ay uuwi sa kaniyang mahabang tahanan, at ang mga nagdadalamhati ay lumibot sa mga lansangan:
6 O kailanma'y makalag ang pising pilak, o masira ang mangkok na ginto, o masira ang banga sa bukal, o mabali ang gulong sa balon.
7 Kung magkagayo'y babalik ang alabok sa lupa gaya ng dati: at ang espiritu ay babalik sa Dios na nagbigay nito.
8 Walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan, sabi ng mangangaral; lahat ay walang kabuluhan.
9 At bukod dito, dahil matalino ang mangangaral, tinuruan pa rin niya ang mga tao ng kaalaman; oo, siya ay nagbigay ng mabuting pansin, at hinanap, at inayos ang maraming kawikaan.
10 Ang mangangaral ay nagsikap na makasumpong ng mga kaayaayang salita: at ang nasusulat ay matuwid, sa makatuwid baga'y mga salita ng katotohanan.
11 Ang mga salita ng pantas ay parang mga panundot, at gaya ng mga pakong ibinaon ng mga pinuno ng mga kapisanan, na ibinibigay mula sa isang pastor.
12 At higit pa, sa pamamagitan ng mga ito, anak ko, paalalahanan ka: ang paggawa ng maraming aklat ay walang katapusan; at ang maraming pag-aaral ay nakakapagod sa laman.
13 Pakinggan natin ang katapusan ng buong bagay: Matakot ka sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos: sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao.
14 Sapagkat dadalhin ng Diyos ang bawat gawa sa kahatulan, kasama ang bawat lihim na bagay, maging ito ay mabuti, o maging ito ay masama.